M11/1/A1PIL/SP1/TGL/TZ0/XX

22110227

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Wednesday 11 May 2011 (morning)
Mercredi 11 mai 2011 (matin)
Miércoles 11 de mayo de 2011 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only. It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire sur un seul des passages. Le commentaire ne doit pas nécessairement répondre aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le désirez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento. No es obligatorio responder directamente a las preguntas que se ofrecen a modo de guía. Sin embargo, puede usarlas si lo desea.

2211-0227

5 pages/páginas

© International Baccalaureate Organization 2011

https://xtremepape.rs/

*Magsulat ng isang komentaryo sa* ***isang*** *sipi lamang.* ***Hindi*** *kailangang tumugon nang diretsahan sa mga gabay na tanong. Gayunpaman, hinihikayat kayong gamitin ang mga ito para sa paglunsad ng inyong komentaryo.*

**1.**

"Bakles, isa ngang lugaw na may itlog."

Matagal-tagal ko na ring pinag-isipan ang bagay na ito. Estratehiya pala ha. Mareng Kris[1], etong sa 'yo.

Hindi naman porke't nagtitinda lamang ako ng lugaw, e, hindi na ako matalino. Aba'y kahit *Grade Two* lang ang inabot ko dahil sa kahirapan ng buhay, mapapatunayan kong kapag naglaro ako riyan sa *game show* mo e mananalo ako. Alam kong tutulungan ako ng Panginoon dahil hindi naman ako naging maramot, nagpapautang naman ako, nagsusuot man ako ng bakles e disente naman ako, hindi ko naman nirerecycle ang lugaw ko, kapag binubugbog ako nitong si Berto e hindi naman ako lumalaban – sa salita lamang ako magaling pero hindi ko siya sinasaktan.

Ayan ha, e di malakas na ang puntos ko sa taas. Sa estratehiya naman, aba'y talagang magaling ako riyan. Sa bingo nga'y ibulong ko lang ang numero kapag ako'y puro na ay talagang tumatama ako. Anong laban ng "*Deal or No Deal*" mo sa bulong ko? Ayang mga contestant na napapanood ko sa *TV* ay natatalo dahil sa kaingayan. *Lower! Lower! Higher, Banker…* Ay putaragis. 'Yung isa nga'y nagkandahulog na sa sobrang kasiyahan. Ang estratehiya ko'y ako'y tatahimik lamang. Doon ako makakapag-isip nang maayos, e. Siguradong kapag taimtim akong nag-isip, talagang tamang numero ang mapipili ko.

I chose brepkeys *number* 14. Uy, bertdey mo iyan, Mareng Kris. Alam kong ikaw ay may nalalaman, e. Napapansin ko, sa tuwing matatalo ang laman ng brepkeys na bubuksan ng 26 K, e parang nakakunot ang noo mo. Para bagang may alam ka. Ay, ako'y talagang mapagmasid. Mabilis ang mata ko. Alam ko kaagad kapag ang kostomer ay papatakas na, nahahabol ko naman ng sigaw at ayun, magbabayad din. Alam ko na kapag iyang si Berto ko e may tsikinini sa leeg. Naku, kahit kasinliit iyan ng nanguluntoy na linta ay talagang mahuhuli ko iyan. Ang hindi ko lang naman madale sa titig ay iyang ampon kong si Makoy. Sama nang sama sa rally. Hindi ko na nga ini-enrol, sama pa rin nang sama sa rally. Sabi ko'y anak, napakatalino mo naman, hindi ko maintindihan kung bakit diyan mo inaaksaya ang galing mo. Mabuti pang dito ka na lamang sa lugawan at ako'y tulungan mo. Aba'y hindi pa rin nagtino. Sabi ko, sa oras na ako'y manalo sa "*Deal or No Deal*", bibigyan ko ng maraming pera ang Ate Bebeng at doon ka na ulit sa nanay mo sa probinsiya. Susmarya! Tumataas ang presyon ko sa tigas ng ulo nitong pamankin ko, e.

Mabalik tayo sa pangarap ko. Sa dinami-dami ng pangarap ko, ako'y apatnapu't limang taong tumataginting nang nabubuhay sa mundong ito'y marami-rami na ring pangarap ang naipon ko, ito lamang manalo sa "*Deal or No Deal*" ang talagang sa tingin ko'y pinakamalapit sa katotohanan. Ako nama'y hindi makakasagot ng kung anu-anong kanta ni Whitney Houston ang napasama sa *Top* 1 ng honor roll ng mga kanta sa buong mundo. Kaya ako'y walang kagana-gana diyan sa "Game Ka na Ba?", e. Pangmayayamang matatalino lang talaga. Bakit, may maglulugaw na bang nanalo sa "Game Ka na Ba?", aber? Mabuting iniwan mo na iyang palabas na iyan, Kris, at ipinaubaya mo na lamang kay Edu[2]. Ako'y yamut na yamot sa lalaking iyang dahil iyan ang gusto ko para sa idol kong si Vilma. Iniwan naman. Tsktsk.



https://xtremepape.rs/

Ano nga 'yung sinasabi ko kanina? A, 'yung pangmayayamang matatalino ang "Game Ka na Ba?" Kami, iba ang talino naming mga mahihirap kumbaga. Kami'y madiskarte. Kami'y talagang kapag suwerte, samahan pa ng kaunting dasal at lakas ng pakiramdam, naku'y parang nanalo nang sandaang beses sa bingo. Kaya ako'y ito na lang talaga ang inaasahan ko, kumare. Sana naman. Sana lang, ako'y tawagin n'yo na. Ako'y siguradong namang papasa sa sikolohikong interbyu dahil hindi naman ako baliw. Maaawa pa nga kayo sa kuwento ng buhay ko kaya siguradong paglalaruin n'yo ako. Tawagan n'yo na ako, Mareng Kris. Utang na loob.

"Aleng Bakles, nanggugulo na naman po si Mang Berto du'n sa eskinita namin, lasing. At saka nga pala isang lugaw, walang itlog."

Adam Cornelius Bejer Asin, *Lugaw nga* (2007)

---

1 Mareng Kris: tawag ng masang tagapanood kay Kris Aquino na anak ng yumaong Presidente Corazon C Aquino ng Pilipinas dahil damdam nilang malapit sila sa kanya. Dati, siya ang host ng dalawang popular na *game show*: "Game Ka na Ba?"at "*Deal or No Deal*".

2 Edu: tawag sa artistang si Edu Manzano na dating asawa ng popular na artistang si Vilma Santos. Si Edu ang pumalit kay Kris bilang host ng "Game Ka na Ba?".

– Gaano kaepektibo ang paggamit ng punto de bista ng unang tauhan sa kwento? Ano ang mga katangian ng tagasalaysay na naibunyag sa pamamaraan ng kanyang pagkukwento?

– Talakayin ang mga epekto ng mga produkto ng industriya ng kulturang popular tulad ng mga *game show* sa mahihirap sa lipunang Pilipino at kung paano nito napapatingkad ang kanilang sitwasyon.

– Suriin ang kabuluhan ng papel ng lugaw sa kwento.

– Magkomento sa mga isyung naipalitaw sa kwento.



https://xtremepape.rs/

**2.**

May dila ang lupa: unang salita
at talinhaga ng mga makata,
Propeta ang lupa, na siyang tangi
at tunay na dakilang mandudula.

Ito’y isang katiyakan
at kalikasan ang saksi;
Ang tagapaglikom ng mga katha
na pamana ng panahon.

Kaya’t may katwiran ang tutubi
na maghangad ding makaintindi;
May talambuhay ang paruparo
at ang lahat ay may kuwento.

Gaya ng pangarap ng buhay
sa pagbubuntis ng butil;
Tulad din ng mithiin ng buto
sa sinapupunan ng sibol.

May sining at kasaysayan
bawat pagmumukadkad ng kahoy;
May madulang pagtatanghal
kahit ang uod sa dahon.

At kung bakit, tulad ng ahas,
nasisindak ang alamid sa ningas;
Lalo na kung nagliliyab ang agos
sa guho’t guwang ng talampas.

Sa malalim na dunong ng lupa,
may hiwagang higit na mahiwaga,
Kaya nga’t ang abo’y naluluklok
sa mga pook na may natutupok.

Ang lahat nga ng kasaysayan
ay paglalahad ng lupang makata;
Kung paano ito’y kinatha rin
ng pinakalantay na talinhaga.

Kung gayon, pakinggan ang lupa,
Ito ang payo ng mga pantas.

Abrahan del Mar, *May Dila ang Lupa* (1997)



https://xtremepape.rs/

– Talakayin kung ano, sa iyong palagay, ang pangunahing layunin ng makata sa kakaibang paraan ng paglarawan ng lupa.

– Suriin ang gamit at epekto ng matalinhagang wika sa tula.

– Talakayin kung paano napapatingkad ng struktura ng tula ang tema nito.

– Magkomento sa kabuluhan ng huling saknong ng tula.



https://xtremepape.rs/